

2022-2023 | LUPON NG PAARALAN NG KATOLIKONG DISTRITO NG DUFFERIN-PEEL



ANG GABAY NG MGA MAGULANG

Sa Mga Programa sa Espesyal na Edukasyon

Hinihikayat ang mga pamilya na makipag-ugnayan nang direkta sa lokal na *mga tauhan ng paaralan* kapag may mga ipinag-aalala kaugnay ng edukasyon ng inyong anak/kabataan.

Impormasyon para sa Pakikipag-ugnayan sa Paaralan

Paaralan:	Telepono:
Prinsipal:	Bise-Prinsipal:
(Mga) Guro:	Gurong Dulugan (Resource Teacher) (SERT/SERC):
Tagapayo sa Pamamatnubay (Guidance Counsellor) (sekundarya lamang):	Guro sa Tagumpay ng Estudyante (sekundarya lamang):
Mga Tauhan sa Sikolohiya:	Patologo sa Pagsasalita-Wika:
Manggagawang Panlipunan (Social Worker):	Manggagawa para sa Bata at Kabataan:

Petsa ng IPRC:	
----------------	--

OPISINA NG LUPON NG PAARALAN NG KATOLIKONG DISTRITO NG DUFFERIN PEEL
 Sentro ng Katolikong Edukasyon
 40 Matheson Boulevard West
 Mississauga, Ontario, L5R 1C5

**Superintendente ng mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon at Pagkakatuto
 Lucy Papaloni**

Pagpapahayag ng Misyon

Mga Alagad ni Kristo, lumilintang ng isip, katawan at kaluluwa tungo sa kapunuan ng buhay.

Pagpapahayag ng Bisyon

Baguhin ang mundo sa pamamagitan ng Katolikong edukasyon.

Mensahe sa mga Magulang/Tagapag-alaga

“Sapagkat batid kong lubos ang mga plano ko para sa inyo, mga planong hindi ninyo ikakasama kundi para sa inyong ikabubuti. Ito’y mga planong magdudulot sa inyo ng kinabukasang punung-puno ng pag-asa.”

Jeremiah 29:11

Naniniwala ang Lupon ng Paaralan ng Katolikong Distrito ng Dufferin-Peel sa dignidad ng lahat ng mag-aaral nito bilang mga Anak ng Diyos at mamamayan sa isang demokratikong lipunan. Bilang mga responsableng miyembro ng ating komunidad ng mga Kristiyano, naninindigan tayo sa pagbibigay ng mga programa upang makamit ng mga indibidwal na estudyante ang kanilang mga kakayahan bilang mga mag-aaral.

Ang kagawian ng departamento ng Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon at Pagkakatuto (Special Education and Learning Services, SELS) ay nakabatay sa komunidad ng tahanang paaralan, nang nasa sentro ang mag-aaral at ang pamilya. Ang kagawiang ito ay nagtataguyod ng pagiging inklusibo, pagkakaiba-iba, at pinadadali ang pag-access para sa lahat ng mag-aaral.

Ang mga paaralan ng Katolikong Distrito ng Dufferin-Peel ay nagbibigay ng hanay ng mga programa at serbisyo upang matugunan ang mga pangangailangan ng lahat ng mag-aaral kabilang ang mga natukoy bilang natatangi. Ang tahanang paaralan ay makapagbibigay ng pangkalahatang impormasyon at impormasyong partikular sa isang mag-aaral kaugnay ng mga programa at serbisyo na magagamit sa loob ng Dufferin-Peel CDSB.

Binabalangkas ng gabay na ito ang mga karapatan at responsibilidad ng mga mag-aaral, at/o *mga magulang/tagapag-alaga at/o Lupon sa pagtukoy at paglalagay sa mga natatanging mag-aaral alinsunod sa Batas sa Edukasyon ng Ontario (Ontario Education Act). Hinihikayat ang mga magulang na makibahagi sa lahat ng yugto ng prosesong ito.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga programa at serbisyo sa Lupon ng Paaralan ng Katolikong Distrito ng Dufferin-Peel, mangyaring sumangguni sa pahina ng Plano sa Espesyal na Edukasyon sa [website](#) ng Lupon.

*Sa dokumentong ito, ang (mga) *magulang* ay tumutukoy sa parehong (mga) magulang at (mga) tagapag-alaga. Maaari ding kasama rito ang mga tagapagbigay ng pangangalaga o malalapit na miyembro ng pamilya na responsable sa pagpapalaki sa bata/kabataan.

**Isang kopya ng Gabay ng Magulang na ito ang makukuha sa malalaking letra, at Braille kapag hiningi.

***Masasalamain sa gabay na ito ang Regulasyon ng Ontario 181/98.

Ang Batas sa Edukasyon ng Ontario

Iniaatas ng Batas sa Edukasyon ng Ontario na magbigay ang mga lupon ng paaralan ng mga programa sa espesyal na edukasyon para sa kanilang mga natatanging estudyante. Ang layunin ng Gabay ng Magulang na ito ay ang bigyan kayo ng impormasyon tungkol sa mga Programa sa Espesyal na Edukasyon na magagamit ng mga estudyante sa loob ng Lupon ng Paaralan ng Katolikong Distrito ng Dufferin-Peel.

Ano ang “mga espesyal na pangangailangan” (mga pagkakabukod-tangi) sa edukasyon?

Ang mga batang may mga espesyal na pangangailangan ay nangangailangan ng pamamagitan sa pagtuturo na naiiba sa karaniwang populasyon upang matuto, upang malinang ang mga kakayahan hangga’t maaari, at maabot ang kanilang sukdulang makakaya. May maraming uri ng mga espesyal na pangangailangan, at sa edukasyon ang mga ito ay tinutukoy na “pagkakabukod-tangi”. Ang “natatangi” na estudyante ay isang estudyante na may malaking pangangailangan kaugnay ng pag-uugali, komunikasyon, pag-iisip (kabilang ang likas na matalino [gifted]), katawan, o maraming pangangailangan kung kaya itinuturing silang nangangailangan ng programa sa espesyal na edukasyon. Ang mga estudyante ay tinutukoy alinsunod sa mga kategorya at depinisyon ng pagkakabukod-tangi na ibinigay ng [Ministri ng Edukasyon](#).

Ano ang Programa sa Espesyal na Edukasyon?

Ang programa sa espesyal na edukasyon ay inilalarawan ng Batas sa Edukasyon bilang isang programang pang-edukasyon na:

- batay sa at binabago ng mga resulta ng tuloy-tuloy na pagtatasa at ebalwasyon; at
- may kasamang plano (tinatawag na Pang-indibidwal na Plano sa Edukasyon [Individual Education Plan] o IEP) na naglalaman ng mga partikular na layunin at balangkas ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon na nakakatugon sa mga pangangailangan ng isang natatanging mag-aaral.

Ang naturang programa ay maaaring ipagkaloob sa loob ng regular na klase na may hindi direktang suporta, tulong ng dulugan, o tulong sa pag-withdraw, o sa isang klase ng espesyal na edukasyon nang ganap o may bahagyang pagsasama.

Ano ang mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon?

Ang mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon ay mga tao, pasilidad, teknolohiya, kagamitan, at iba pang mga madudulugan na kailangang tipunin ng paaralan ng inyong anak at saka ipatupad ang IEP. Ang mga taong maaaring kasama sa pagpapalano at pagpapatupad sa programa ng inyong anak ay ang (mga) guro ng inyong anak, ang (mga) Gurong Dulugan sa Espesyal na Edukasyon (Special Education Resource Teacher, SERT), ang Prinsipal at ang mga suportang tauhan ng Lupon.

Paano nakikilala (natutukoy) ang mga pagkakabukod-tangi?

Tinatawag ng mga paaralan ang pormal na pagkilala sa pagkakabukod-tangi bilang “Pagtukoy”. Maaaring alam ninyong may mga espesyal na pangangailangan ang inyong anak bago pumasok sa paaralan. Hinihingi sa inyo na sabihin ito sa paaralan upang masimulan ang mga pamamaraan upang suportahan at “matukoy” ang inyong anak. Minsan, ang mga guro ang nakakakilala o naghihinala na maaaring may mga espesyal na pangangailangan ang inyong anak. Sa mga ganitong kaso, maaaring ialok ang mga espesyalisadong pagtatasa matapos kayong konsultahin. Minsan ang pagkakabukod-tangi ay mapapansin lang sa kalaunan habang nag-aaral. Kahit kailan pa o paano nakikilala ang mga espesyal na pangangailangan ng inyong anak, dapat ninyong talakayin sa paaralan ang mga pangangailangan ng inyong anak at mga pamamaraan ng pagtukoy.

Paano makakatanggap ang aking anak ng pag-screen o pagtatasa?

Ang pormal na pagtukoy sa mga estudyante bilang “natatangi” ay batay sa mga ulat na maaaring inihanda o isinagawa ng paaralan o mga tauhan ng Lupon o mga ahensiya sa labas. Kasama sa mga posibleng pagmumulan ng datos ng pagtatasa ang pang-edukasyon, medikal/kalusugan, terapiya sa pamamagitan ng gawain/pisikal na terapiya, pag-uugali/sikiyatriya at sikolohikal at/o pagsasalita-wika.

Nagsasagawa ang DPCDSB ng pag-screen upang matukoy ang mga posibleng “likas na matalino” na estudyante sa Ika-4 na Grado. Inaabisuhan ng SERT ng paaralan ang mga magulang at binibigyan ng impormasyon ng pagbibigay ng pagsusulit sa panahong iyon.

Paano itinuturing na natatangi ang aking anak?

Matapos repasuhin ang mga pagtatasa, kung may ebidensya na ang inyong anak ay may natatanging mga pangangailangan sa edukasyon, kayo o ang Prinsipal ng inyong paaralan ay maaaring humingi ng pagpupulong ng Komite sa Pagtukoy, Paglalagay at Pagrerepaso (Identification, Placement and Review Committee, IPRC). Titingnan ng Komite na ito ang mga indibidwal na kalakasan at pangangailangan ng inyong anak, at ang naaangkop na datos ng pagtatasa at ipapasya ang naaangkop na pagtukoy at paglalagay para sa inyong anak.

Ano ang IPRC?

Iniaatas ng Regulasyon 181/98 ng Batas sa Edukasyon na lahat ng lupon ng paaralan ay mag-organisa ng mga Komite sa Pagtukoy Paglalagay Pagrerepaso (IPRC). Ang IPRC ay binubuo ng hindi bababa sa tatlong tao, ang isa ay dapat ang prinsipal o tagapangasiwang opisyal ng lupon. Ang natitirang mga miyembro ay maaaring kabilangan ng prinsipal, bise-prinsipal, guro, o iba pang tauhan. Gumagawa ang komite na ito ng pormal na desisyon kung ang estudyante ba ay natatangi at kung nangangailangan sila ng programa sa espesyal na edukasyon. Ang mga magulang (at mga estudyante na 16 na taong gulang o mas matanda) ay inaanyayahang dumalo at hinihikayat na makilahok sa mga pagpupulong ng IPRC. Maaari ninyong sang-ayunan at pahintulutan ang pagtukoy at paglalagay sa inyong anak, humingi ng karagdagang talakayan, o hindi sumang-ayon sa IPRC at iapela ang desisyon.

Ano ang papel ng IPRC?

Tungkulin ng IPRC *ang*: Tukuyin, Ilagay at Repasuhin

Tukuyin: Ipasya kung ang estudyante ay dapat matukoy bilang natatangi at tukuyin ang (mga) larangan ng pagkakabukod-tangi alinsunod sa mga Kategoriya at Depinisyon ng Pagkakabukod-tangi na ibinigay ng [Ministri ng Edukasyon](#). Maraming impormasyon ang isinasaalang-alang at tinatalakay kapag ginagawa ang desisyong ito: hal., mga pagtatasa, mga obserbasyon ng magulang at guro.

Ilagay: Ipasya ang naaangkop na paglalagyan sa estudyante. Ang paglalagyan ang nagsasabi kung saan ihahatid ang programa sa espesyal na edukasyon at ang dahilan para sa paglalagay kung ito ay hindi sa regular na klase. Maaaring isaalang-alang ng IPRC ang maraming pagpipilian, tulad ng regular na klase na may tulong ng dulugan, regular na klase na may hindi direktang suporta, regular na klase na may tulong sa pag-withdraw, at klase sa espesyal na edukasyon na may bahagyang pagsasama o klase sa ganap na espesyal na edukasyon.

Kung ang inirekomendang paglalagyan ay sa isang klase ng espesyal na edukasyon, dapat sabihin ng IPRC ang mga dahilan para sa rekomendasyong ito sa kanilang desisyon (Regulasyon 181/98). Ang Lupon ng Paaralan ng Katolikong Distrito ng Dufferin-Peel ay isang inklusibong lupon. Sa karamihan ng mga kaso, ang inirerekomendang paglalagyan ay sa isang regular na klase na may hindi direktang suporta, tulong ng dulugan o tulong sa pag-withdraw.

Repasuhin: Repasuhin ang pagtukoy at paglalagay nang kahit isang beses lang sa bawat panuruang taon maliban kung sang-ayon ang mga magulang na isantabi ang taunang pagrerepaso sa ilalim ng mga partikular na pangyayari. Karaniwang ginaganap ang mga pagrerepaso sa antas ng paaralan.

Paano hinihingi ang pagpupulong ng IPRC?

Ang pagpupulong ng IPRC ay maaaring pasimulan sa dalawang paraan:

1. Kung pinaniniwalaan na ang isang bata ay maaaring makinabang mula sa isang programa sa espesyal na edukasyon, maaaring irekomenda ng Prinsipal ang mag-aaral sa isang IPRC, nang may nakasulat na abiso sa magulang.
2. Kung iniisip ng magulang na makikinabang ang mag-aaral sa isang programa sa espesyal na edukasyon, maaaring humingi ang magulang ng IPRC sa prinsipal ng paaralan sa pamamagitan ng pagsulat. Kapag natanggap ang nakasulat na kahilingang ito, hihingi ang prinsipal ng pagpupulong ng IPRC. Sa loob ng 15 araw ng kahilingan ng magulang, magbibigay ang prinsipal ng kopya nitong Gabay ng Magulang sa Espesyal na Edukasyon at isang nakasulat na pahayag kung kailan magpupulong ang komite ng IPRC.

Maaari ba akong dumalo sa pagpupulong ng IPRC?

Oo. Ang mga magulang (at mga estudyante na edad 16 na taon o mas matanda), ay inaanyayahang dumalo, at makilahok sa lahat ng talakayan ng komite at naroon kapag gagawin ng komite ang desisyon sa pagtukoy at paglalagay.

Sino ang maaaring dumalo sa isang pagpupulong ng IPRC?

Bukod sa mga miyembro ng komite, ang (mga) guro ng inyong anak, mga tauhan sa espesyal na edukasyon, o suportang tauhan ng Lupon ay maaaring maanyayahang dumalo. Maaari din kayong mag-imbata ng mga kinatawan upang suportahan kayo, magsalita sa ngalan ninyo o sa ngalan ng inyong anak, o na makapagbibigay ng karagdagang impormasyon o paglilinaw, kung hihingin ninyo. Gagawin ng mga prinsipal ang lahat ng pagsisikap upang paunlakan ang mga kahilingan ng magulang na dumalo sa pagpupulong ng IPRC ang partikular na kawaning dulugan. Dagdag pa rito, dapat tulungan ng mga Prinsipal ang mga magulang sa mga suhestiyon kung sino ang makapagbibigay sa kanila ng karagdagang impormasyon, suporta at patnubay. Maaaring kumuha ng tagapagsalin ng wika o pasenyas na wika kung kinakailangan. Maaaring humiling ng tagapagsalin sa pamamagitan ng prinsipal ng paaralan ng inyong anak. Ang isang mag-aaral na 16 na taon o mas matanda ay may karapatang dumalo.

Anong impormasyon ang matatanggap ko bago ang pagpupulong ng IPRC?

Hindi bababa sa 10 araw bago ang pagpupulong, bibigyan kayo ng nakasulat na abiso (Imbitasyon sa IPRC) ng nakatakdang pagpupulong. Kasama sa imbitasyon ang mga detalye ng petsa, oras, at lugar ng pagpupulong. Ang magulang at/o mag-aaral (kung 16 na taon o mas matanda) ay hihingin na tumugon sa imbitasyong ito upang ipahiwatig kung sila ay dadalo at kung may kasama silang bisita.

Paano kung hindi ako makadadalo sa nakatakdang pagpupulong?

Ang mga pagpupulong ng IPRC ay ginaganap sa mga regular na oras ng paaralan. Kung hindi kayo makadadalo sa nakatakdang pagpupulong, maaari kayong makipag-ugnayan sa Prinsipal ng paaralan upang makipagkasundo sa ibang petsa o oras. Kung hindi ninyo gustong dumalo, padadalhan kayo ng prinsipal ng nakasulat na Pahayag ng Desisyon ng IPRC *pagkatapos* ng pagpupulong na magsasabi sa inyo ng kinalabasan ng IPRC. Hinihingi sa inyo na lagdaan at ibalik ang Pahayag ng Desisyon sa Prinsipal ng paaralan.

Ano ang mangyayari sa isang pagpupulong ng IPRC?

- Gagawa ang pinuno ng mga pagpapakilala at ipaliliwanag ang layunin ng pagpupulong.
- Rerepasuhin ng IPRC ang lahat ng magagamit na impormasyon.
Ang mga miyembro ay:
 - Isasaalang-alang ang pang-edukasyong pagtatasa ng inyong anak.
 - Isaalang-alang, nang napapailalim sa mga probisyon ng Batas sa Pagpapahintulot sa Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Consent Act), 1996, ang pagtatasa ng kalusugan o sikolohikal na pagtatasa ng inyong anak na isinagawa ng kwalipikadong manggagamot, kung ipinapalagay nila na kailangan ang ganoong pagtatasa upang makagawa ng tamang desisyon sa pagtukoy o paglalagay.
 - Kakapanayamin ang inyong anak, nang mayroon kayong pahintulot kung ang inyong anak ay mas bata sa 16 na taon, kung ipinapalagay nila na makakatulong ito, at
 - Isasaalang-alang ang anumang impormasyong isusumite ninyo tungkol sa inyong anak o na isusumite ng kabataan kung siya ay 16 na taon o mas matanda.
- Maaaring talakayin ng komite ang anumang panukala na ginawa tungkol sa programa sa espesyal na edukasyon o mga serbisyo sa espesyal na edukasyon para sa inyong anak.
- Hinihikayat ang (mga) magulang na magtanong at sumali sa talakayan.
- Kasunod ng talakayan, matapos na mailahad at maisaalang-alang ang lahat ng impormasyon, gagawin ng komite ang desisyon nito kung ang inyong anak ay isang natatanging estudyante at sa anong kategorya. Gagawa rin ang komite ng desisyon tungkol sa “paglalagay” sa inyong anak.
- Babasahin ng tagatala ang mga rekomendasyon ng IPRC at isang kopya ng ulat ng IPRC o pahayag ng desisyon ang ibibigay sa (mga) magulang.

Ano ang “paglalagay”?

Sa paggawa ng desisyon nito sa paglalagay, maaaring isaalang-alang ng IPRC ang hanay ng mga pagpipilian, gaya ng:

- **Isang regular na klase na may hindi direktang suporta**
Ang estudyante ay ilalagay sa isang regular na klase para sa buong maghapon, at tatanggap ang guro ng mga espesyalisadong serbisyo sa konsultasyon.
- **Isang regular na klase na may tulong ng dulugan**
Ang estudyante ay ilalagay sa regular na klase para sa karamihan ng oras o sa buong maghapon at tatanggap ng espesyalisadong instruksyon, nang mag-isa o kasama sa maliit na grupo, sa loob ng regular na silid-aralan mula sa isang kwalipikadong guro sa espesyal na edukasyon.*
- **Isang regular na klase na may tulong sa pag-withdraw**
Ang estudyante ay ilalagay sa regular na klase at tatanggap ng instruksyon sa labas ng silid-aralan nang mas mababa sa 50 porsiyento ng araw sa paaralan, mula sa isang kwalipikadong guro sa espesyal na edukasyon.

- **Isang klase sa espesyal na edukasyon na may bahagyang pagsasama**

Ang estudyante ay ilalagay ng IPRC sa isang klase ng espesyal na edukasyon kung saan ang tumbasan ng estudyante-guro ay alinsunod sa mga pamantayan sa O. Reg. 298, seksyon 31, nang hindi bababa sa 50 porsiyento ng araw sa paaralan, ngunit isinasama sa isang regular na klase nang hindi bababa sa isang oras ng pagtuturo araw-araw.

- **Isang klase sa espesyal na edukasyon nang ganap**

Ang estudyante ay ilalagay ng IPRC sa isang klase ng espesyal na edukasyon, kung saan ang tumbasan ng estudyante-guro ay alinsunod sa mga pamantayan sa O. Reg. 298, seksyon 31, para sa buong maghapon sa paaralan.

*Sa Sekundarya, ang ilang mga estudyante ay maaaring makakuha ng tulong ng dulugan na isang Gurong Dulugan sa Espesyal na Edukasyon (Special Education Resource Teacher, SERT) sa isang silid-dulugan.

Paano ipinapasya ng IPRC ang paglalagay?

Bago maisaalang-alang ng IPRC na ilagay ang inyong anak sa isang klase sa espesyal na edukasyon, dapat nitong isaalang-alang kung ang paglalagay sa isang regular na klase na may naaangkop na mga serbisyo sa espesyal na edukasyon ay:

- Makatutugon sa mga pangangailangan ng inyong anak; at
- Naaayon sa inyong mga kagustuhan.

Kung, matapos isaalang-alang ang lahat ng impormasyon na inilahad dito, ang IPRC ay kuntento na ang paglalagay sa isang regular na klase ay makatutugon sa mga pangangailangan ng inyong anak at na ang ganoong desisyon ay naaayon sa inyong mga kagustuhan, magpapasya ang komite nang pabor sa paglalagay sa isang regular na klase na may naaangkop na mga serbisyo sa espesyal na edukasyon.

Kung ipapasya ng komite na ang inyong anak ay dapat mailagay sa isang klase sa espesyal na edukasyon, dapat nitong sabihin ang mga dahilan para sa desisyong ito sa nakasulat na pahayag ng desisyon nito.

Ano ang mangyayari pagkatapos gawin ng IPRC ang lahat ng desisyon nito?

Ang mga rekomendasyon ng Komite ng IPRC ay ibibigay sa inyo sa isang nakasulat na Pahayag ng Desisyon. Kasama sa Pahayag ng Desisyon na ito:

- kung natukoy ng IPRC ang mag-aaral bilang natatangi
- kung natukoy ng IPRC na natatangi ang mag-aaral, ibabalangkas ng Ulat ng IPRC ang:
 - a. mga Kategoriya at Depinisyon ng anumang pagkakabukod-tangi na natukoy, ayon sa depinisyon ng Ministri ng Edukasyon
 - b. paglalarawan sa mga kalakasan at pangangailangan ng mag-aaral
 - c. desisyon sa paglalagay
 - d. mga rekomendasyon kaugnay ng programa sa espesyal na edukasyon at mga serbisyo sa espesyal na edukasyon

Kung ipinasya ng IPRC na ang mag-aaral ay dapat mailagay sa isang klase sa espesyal na edukasyon, ang mga dahilan para sa naturang desisyon ay isasaad sa Ulat ng IPRC.

Sa pamamagitan ng Prinsipal ng paaralan, magpapadala ang Pinuno ng IPRC ng nakasulat na pahayag ng desisyon (Ulat ng IPRC) sa:

- a. magulang ng mag-aaral
- b. mag-aaral, kung ang mag-aaral ay 16 na taon o mas matanda
- c. prinsipal
- d. Direktor ng Lupon ng Edukasyon

Kung sang-ayon kayo sa mga desisyon ng IPRC, hihingin sa inyo na lagdaan ang inyong pangalan sa Porma ng Pahintulot ng Magulang. Hindi kayo obligadong lagdaan ang inyong pahintulot sa pagpupulong ng IPRC ngunit maaari kayong maglaan ng oras upang pag-isipan ang inyong desisyon. Ang Porma ng Pahintulot ng Magulang ay maaaring ibalik sa loob ng 15 araw. Kung matapos ang 15 araw at hindi nalagdaan ang porma, ngunit walang ginawang apela, itataguyod ang desisyon ng IPRC.

Kung lalagda kayong sumasang-ayon sa Porma ng Pahintulot ng Magulang, at natukoy ang inyong anak bilang natatangi, ang prinsipal ng paaralan kung saan ipagkakaloob ang Programa sa Espesyal na Edukasyon ay aabisuhan upang simulan ang proseso ng pagsasapanahon at/o paggawa ng Pang-indibidwal na Plano sa Edukasyon (IEP) para sa inyong anak.

Ano ang IEP?

Ang IEP ay isang Pang-indibidwal na Plano sa Edukasyon (Individual Education Plan), isang nakasulat na plano na bumabalangkas sa ilan sa mga kalakasan at pangangailangan ng inyong anak at ang mga programa at serbisyo sa espesyal na edukasyon na kasama upang matugunan ang mga pangangailangan ng inyong anak. Ang isang IEP ay dapat mabuo para sa bawat estudyante na natukoy bilang natatangi. Ang IEP ay maaari ding mabuo para sa isang estudyante na hindi pormal na natukoy ngunit nangangailangan ng mga programa o serbisyo sa espesyal na edukasyon. Ang IEP ay lumilikha ng mga oportunidad para sa mga magulang, guro at iba pang nauugnay sa inyong anak na magtulongan upang matukoy ang mga indibidwal na pangangailangan sa pagkakatuto at upang bumuo ng mga partikular na estratehiya at/o pag-aakma ng programa upang matugunan ang mga pangangailangang ito. Kasama sa IEP ang:

- paglalarawan sa mga kalakasan at pangangailangan ng estudyante at mga partikular na inaasahan sa edukasyon (batay sa mga inaasahan sa Kurikulum ng Ontario at/o mga inaasahan sa Alternatibong kurikulum)
- balangkas ng programa at mga serbisyo sa espesyal na edukasyon na ipagkakaloob
- isang pahayag tungkol sa mga paraan kung paano rerepasuhin ang pag-unlad ng bata
- isang plano sa paglipat (transition plan) gaya ng nakabalangkas sa PPM 140 (para sa mga estudyante na natukoy sa ilalim ng pagkakabukod-tangi sa Komunikasyon: Autismo) o PPM 156 para sa lahat ng iba pang estudyante

Makikipagkonsulta ang prinsipal sa inyo at sa inyong anak (kung ang estudyante ay 16 na taon o mas matanda) at isasaalang-alang ang anumang mga rekomendasyon ng IPRC o Hukuman ng Espesyal na Edukasyon (Special Education Tribunal) sa pagbuo ng IEP.

Iniaatas ng Regulasyon 181/98 na mabuo ang isang IEP para sa lahat ng natatanging mag-aaral sa mga lupon ng paaralan sa loob ng 30 araw ng paaralan matapos mailagay ang isang mag-aaral sa isang programa. Titiyakin ng prinsipal na makumpleto ang plano, at isang kopya ang maipadala sa inyo at sa inyong anak (kung 16 na taon o mas matanda).

Magkakaroon ba ng plano ng paglipat sa IEP?

Iniaatas ng PPM No. 156, “Pagsuporta sa mga Paglipat para sa mga Estudyante na may mga Pangangailangan sa Espesyal na Edukasyon”, na lahat ng estudyante na may IEP, natukoy man sila o hindi bilang natatangi ng isang IPRC, ay magkaroon ng pinakabagong plano sa paglipat sa bawat yugto ng kanilang paglalakbay sa paaralan.

Ano ba talaga ang tinutugunan ng isang IEP?

Ang IEP ay hindi isang balangkas ng lahat ng matututuhan ng inyong anak sa anumang termino, ngunit ito ay nakasulat na plano na naglalarawan sa programa at/o mga serbisyo sa espesyal na edukasyon na kinakailangan at maaaring kasama ang mga rekomendasyong ginawa ng IPRC. Ang IEP ay isang ginagawang dokumento (working document) na naglalarawan sa mga inaasahan sa pagkakatuto na maaaring paunlakan, baguhin o magsama ng mga alternatibong layunin sa pagkakatuto sa isang partikular na asignatura o kurso. Tanging ang mga inaasahang naiiba mula sa mga regular na inaasahan para sa grado ng inyong anak ang ililista. Ililista lamang ang mga partikular na paraan ng pagtuturo at pagtatasa kung naiiba ang mga ito sa ginagawa ng guro para sa lahat ng iba pang estudyante.

Ano ang mga pagpapaunlak at pagbabago?

Ang mga **pagpapaunlak** ay isang pagbabago sa normal na kagawian sa pagtuturo upang tulungan ang inyong anak na makamit ang mga inaasahan sa probinsiya para sa antas ng grado na iyon, o para matugunan ang kanilang indibidwal na mga pangangailangan sa pagkakatuto. Ang mga pagpapaunlak ay hindi binabago ang mga inaasahan sa kurikulum para sa antas ng grado o kurso. Halimbawa, ang isang bata na may kapansanan sa pagkakatuto ay maaaring mangailangan ng kontrolado at tahimik na lugar para makapagsulat ng mga pagsusulit. Ang isang batang mahina ang pandinig ay maaaring mangailangan ng personal na FM system at/o sistemang pantunog. Ang isang likas na matalinong bata (gifted child) ay maaaring mangailangan ng pagpapahusay na nagpapakita ng pagkakaiba ng lalim, lawak at bilis ng kurikulum.

Ang mga **pagbabago** ay mga pagbabago na ginagawa sa mga naaangkop-sa-edad na mga inaasahan sa antas ng grado para sa isang asignatura o kurso upang matugunan ang mga

pangangailangan sa pagkakatuto ng inyong anak. Ang mga pagbabagong ito ay maaaring may kasamang pagbuo ng mga inaasahan na sumasalamín sa kaalaman at kakayahan na kinakailangan sa kurikulum para sa ibang antas ng grado. Ang mga inaasahan sa pagkakatuto ay maaari ding baguhin sa bilang o kompleksidad. Halimbawa, ang estudyante sa ika-5 grado na may kapansanan sa paglaki (developmental disability) ay maaaring gumaganap sa limitadong bilang ng mga inaasahan sa pagkakatuto sa ika-1 grado na kurikulum sa Ingles sa pagbabasa. Ang isang likas na matalinong bata ay maaaring mabawasan ang kanilang gawain sa ilang larangan upang payagan ang mga mas komplikadong gawain sa mga ibang larangan na nagbibigay ng karagdagang hamon. Sa antas ng sekondarya, maaaring ibigay o hindi ibigay ang kredito para sa kurso depende kung hanggang saan binago ang mga inaasahan sa kurso.

Kung ang isang bata ay may mga pagpapaunlak para lamang sa kanilang IEP, ang kahon ng IEP ay hindi mamamarkahan ng tsek sa kanilang Kard ng Ulat sa Probinsiya (Provincial Report Card). Kung ang bata ay may mga pagbabago, mamamarkahan ng tsek ang kahon ng IEP. Ipinapakita nito na ang bata ay nagsisikap para sa mga inaasahan at hindi sa antas ng grado.

Ano ang mga “alternatibong” inaasahan?

Ang ilang mga estudyante ay maaaring mangailangan ng mga “alternatibong” inaasahan upang magtagumpay. Ang mga alternatibong inaasahan ay ginagawa upang tulungan ang inyong anak na makatamo ng kaalaman at kakayahan na hindi kasama sa Kurikulum ng Ontario. Halimbawa, ang isang estudyante na may kapansanan sa pagkakatuto ay maaaring mangailangan ng alternatibong layunin sa larangan ng Mga Kakayahan sa Pagkakatuto: Organisasyon.

Ang mga Alternatibong Kurso o Inaasahan, sa antas ng sekondarya, ay mga walang-kreditong kurso kung saan ang mga inaasahan ay naisa-indibidwal para sa estudyante at karaniwang nakatuon sa paghahanda sa estudyante para sa trabaho (suportado o independiyente) at/o pamumuhay sa komunidad. Kasama sa mga halimbawa ng mga alternatibong kurso ang Pagsasanay sa Pagbibiyahe at Paggalugad sa Komunidad (Transit Training and Community Explorations, KCC), Mga Kakayahan sa Pagluluto (Culinary Skills, KHI), at Pamamahala ng Pera at Personal na Pagbabangko (Money Management and Personal Banking, KBB).

Gaano kadalas na babaguhin o isasapanahon ang IEP?

Ang IEP ay isang ginagawang dokumento at nirerepaso at isinasapanahon nang hindi bababa sa isang beses bawat termino/semestre ng paaralan. Hinihikayat ang mga magulang na makipagtulungan sa pangkat ng paaralan sa pagbuo at pagbabago sa IEP at na patuloy na pag-usapan ang pag-unlad ng inyong anak.

Ang Prinsipal ng paaralan ay may legal na obligasyon na tiyaking ipinatutupad ang IEP. Anumang ikinababahalang tungkol sa IEP, o sa pagpapatupad dito, ay dapat talakayin sa guro ng bata, sa SERT ng paaralan, at sa Prinsipal.

Kapag nailagay na ang estudyante sa isang Programa sa Espesyal na Edukasyon, maaari bang marepaso ang pagtukoy o paglalagay?

Oo, maaari. Isang pagrerepaso na pagpupulong ng IPRC ang ginaganap taun-taon para sa pagrerepaso sa pagtukoy at/o paglalagay sa antas ng paaralan. Ang mga magulang/estudyante na edad 16 na taon o mas matanda ay maaaring sumang-ayon nang pasulat na huwag nang gawin o “isantabi” ang taunang pagrerepaso. Ang mga IPRC ay hindi isinasantabi nang mahigit sa tatlong magkakasunod na taon o sa panahon ng paglipat, na may kasamang pagbabago ng paaralan, panel, o programa. Ang isang magulang/estudyante na edad 16 o mas matanda ay maaaring humingi ng pagrerepaso sa desisyon ng IPRC tatlong buwan matapos magsimula ang paglalagay. Ang pagrerepaso ay hindi puwedeng hilingin nang mahigit sa isang beses kada tatlong buwan.

Ano ang isinasaalang-alang at ipinapasya ng isang pagrerepaso ng IPRC?

Kapag mayroon kayong nakasulat na pahintulot, isasaalang-alang ng IPRC na nagsasagawa sa pagrerepaso ang pag-unlad ng inyong anak kaugnay ng IEP. Isasaalang-alang nito ang parehong uri ng impormasyon na unang isinaalang-alang kasama ang anumang bagong impormasyon na magagamit. Minsan irerekomenda ang mga karagdagang pagtatasa upang magbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa inyong anak, at sa kanilang nagbabagong mga kalakasan at pangangailangan. Batay sa impormasyong ito, ipapasya ng Pagrerepaso ng IPRC kung ang paglalagay sa espesyal na edukasyon ay dapat ipagpatuloy sa kung paano ito ngayon, o kung dapat gawin ang ibang desisyon.

Ano ang maaari kong gawin kung hindi ako sang-ayon sa isang desisyon ng IPRC?

Palaging hinihikayat ang mga magulang na talakayin ang mga ipinag-aalala sa prinsipal ng paaralan. May karapatan kayong hilingin na magdaos ang IPRC ng pangalawang pagpupulong upang pag-usapan ang anumang mga ipinag-aalala at/o hindi pagkakasundo kaugnay ng desisyon ng IPRC. Maaari kayong humiling ng pagpupulong sa IPRC nang pasulat, na ihahatid sa loob ng 15 araw pagkatanggap sa desisyon ng IPRC, sa prinsipal ng paaralan kung saan ipinagkakaloob ang programa sa espesyal na edukasyon ng inyong anak.

Pagkatanggap sa kahilingang ito, aayusin ng prinsipal upang muling magtipon ang komite ng IPRC at pag-usapan ang inyong mga ipinag-aalala kaugnay ng mga orihinal na desisyon. Sa lalong madaling panahon, ang pinuno ng komite, sa pamamagitan ng prinsipal ng paaralan, ay magbibigay ng nakasulat na pahayag sa magulang na bumabalangkas sa kung may ginawa bang mga pagbabago sa desisyon ng orihinal na IPRC dahil dito sa kasunod na pagpupulong. Kung may ginawang mga pagbabago, magpapadala rin ang Pinuno ng nirebisang desisyon na may nakasulat na mga dahilan.

Gagawa ang Lupon ng pagbabago sa paglalagay bilang resulta ng desisyong ginawa ng IPRC kapag:

- a. Ang isang magulang ng mag-aaral ay pumapayag sa paglalagay sa pamamagitan ng pagsulat; o,
- b. Walang maihain na abiso ng apela sa loob ng itinakdang panahon (gaya ng nakalarawan sa ibaba).

Kung hindi kayo sang-ayon sa desisyon pagkatapos ng pangalawang pagpupulong, maaari kayong maghain ng abiso ng apela sa Direktor ng Edukasyon sa loob ng 15 araw pagkatanggap ninyo sa desisyon mula sa pangalawang pagpupulong na ito. Bilang alternatibo, kung hindi ninyo gustong humingi ng pangalawang pagpupulong ng IPRC, sa loob ng 30 araw matapos matanggap ang unang pahayag ng desisyon ng IPRC, maghain ng abiso ng apela sa kalihim ng Lupon. Dapat nakasaad dito na hindi kayo sang-ayon sa desisyon batay sa sumusunod:

- a) Ang pagtukoy sa inyong anak bilang natatanging mag-aaral ; o
- b) Ang desisyon ng IPRC na ang inyong anak ay hindi natatanging mag-aaral; o
- c) Sa paglalagay sa espesyal na edukasyon ng inyong anak bilang natatanging mag-aaral.

Paano ko eksaktong iaapela ang desisyon ng IPRC?

Sa loob ng mga limitasyong ibinigay sa itaas, dapat magpadala ng nakasulat na abiso ng inyong intensyong iapela ang desisyon sa Direktor ng Edukasyon, Lupon ng Paaralan ng Katolikong Distrito ng Dufferin-Peel, 40 Matheson Blvd W, Mississauga, Ontario, L5R 1C5. Sa abiso ng apela, dapat ninyong isaad ang (mga) desisyon na hindi ninyo sinasang-ayunan at ang inyong mga dahilan ng hindi pagsang-ayon.

Ano ang mangyayari sa proseso ng apela?

Kasama sa proseso ng apela ang mga sumusunod na hakbang:

- Magtatatag ang lupon ng paaralan ng lupon ng apela sa espesyal na edukasyon upang dinggin ang apela. Ang lupon ng apela ay bubuuin ng tatlong indibidwal (isang pinili ng magulang) na walang paunang kaalaman tungkol sa bagay na inaapela.
- Mag-aayos ang pinuno ng lupon ng apela ng pagpupulong na gaganapin sa mainam na oras at lugar, nang hindi lalampas sa 30 araw matapos silang mapili (maliban kung parehong magbibigay ang mga magulang at lupon ng paaralan ng nakasulat na pahintulot sa mas nahuhuling petsa).
- Matatanggap ng lupon ng apela ang materyal na nirepaso ng IPRC at mag-iimbita ng sinumang mga tao na maaaring makapagbigay ng impormasyon tungkol sa bagay na inaapela para dumalo.
- Ang magulang, at ang mag-aaral, kung 16 na taon o mas matanda, ay may karapatang naroon sa at makibahagi sa proseso ng apela.

Ano ang maaaring desisyunan ng Lupon ng Apela?

Maaaring sumang-ayon ang Lupon ng Apela sa IPRC at irekomenda na ipagpatuloy ang kanilang desisyon, o maaaring hindi ito sumang-ayon sa IPRC at magbigay ng sarili nitong mga rekomendasyon kaugnay ng pagtukoy o paglalagay sa inyong anak, o pareho. Luulat ng Lupon ng Apela ang mga rekomendasyon nito, nang nakasulat, sa inyo at sa Lupon ng Paaralan, at ibibigay ang mga dahilan ng desisyon nito.

Ano ang mangyayari pagkatapos ng desisyon ng Lupon ng Apela?

Sa loob ng 30 araw pagkatanggap sa nakasulat na pahayag ng Lupon ng Apela, ipapasya ng lupon ng paaralan kung anong aksyon ang gagawin nito kaugnay ng mga rekomendasyon. Hindi obligado ang mga Lupon ng Paaralan na sundin ang mga rekomendasyon ng Lupon ng Apela. Maaari ninyong piliing tanggapin ang desisyon ng lupon ng paaralan o maaari kayong umapela sa Hukuman ng Espesyal na Edukasyon. Kung pipiliin ninyong umapela sa Hukuman ng Espesyal na Edukasyon, maaari kayong humiling ng pagdinig sa pamamagitan ng pagsulat sa Kalihim ng Hukuman ng Espesyal na Edukasyon. Isasama sa desisyon ng Lupon ng Apela ang ispesipikong impormasyon kung paano gagawin ito.

Ano ang gagawin ko kung ang Pagtukoy at Paglalagay sa aking anak ay naaangkop, ngunit hindi natutugunan nang sapat ang kanilang mga pangangailangan?

Sa ganitong kaso, hindi kinakailangang magtawag ng isang IPRC dahil ang pagtukoy at paglalagay ay hindi ang isyu. Alinman sa pagkaepektibo ng programa sa espesyal na edukasyon (IEP) ng inyong anak ang problema, o mayroon kayong isyu sa mga programa at/o serbisyo na inihahatid sa inyong anak bilang suporta sa IEP. Sa parehong kaso, ang lugar na pagsisimulan ay ang SERT o prinsipal ng paaralan na may tungkulin sa paghahatid ng IEP at sa pagkaepektibo nito. Hilingin na marepaso ang IEP ng inyong anak kasama ang mga pansuportang serbisyo.

Saan ako puwedeng pumunta para sa higit pang tulong?

Madali lang ang humingi ng karagdagang tulong o impormasyon. Kung gusto ninyong makipag-usap sa isang tao, ito ang pinaka-maaasahang paraan na susundin:

- a. Makipag-ugnayan sa Prinsipal o sa Gurong Dulugan sa Espesyal na Edukasyon sa paaralan na pinapasukan o papasukan ng inyong anak; o
- b. Kung mas gusto ninyong talakayin ang inyong ipinag-aalala sa isang tao sa labas ng paaralan, makipag-ugnayan sa Pamilya ng mga Paaralan Konsultant sa Espesyal na Edukasyon na nakatalaga sa paaralan ng inyong anak.
- c. Kung magpatuloy ang mga isyu na sa tingin ninyo ay kailangang matugunan, maaari din kayong makipag-ugnayan sa [Superintendente](#) na nakatalaga sa inyong paaralan.

Tumawag sa (905) 890-1221 Ext. 125 para makipag-usap sa Pang-administratibong Katuwang sa mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon na mag-uugnay sa inyo.

Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon?

- a) Maaari ninyong bisitahin ang website para sa Sangay ng Espesyal na Edukasyon ng Ministri ng Edukasyon, upang makita ang lahat ng batas, alituntunin, regulasyon at mga numerong tatawagan para sa mga opisyal ng Ministri: <https://www.ontario.ca/page/special-education-laws-and-policies>
- b) Maraming organisasyon ang nagbibigay ng tulong sa mga magulang ng mga natatanging estudyante. Ang impormasyong ito ay makukuha sa [website](#) ng Lupon ng Espesyal na Edukasyon at mga Serbisyo sa Pagkakatuto.

Saan ako makakakuha ng mga alternatibong anyo ng gabay na ito?

Tumawag sa (905) 890-1221 Ext. 24228 upang makipag-usap sa Pang-administratibong Katuwang sa Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon na makapagbibigay sa inyo ng mga anyo sa Braille, malalaking letra, o audio. Makukuha rin ang mga karagdagang kopya ng gabay na ito.

Ano ang SEAC?

Ang mga lupon ay obligadong magkaroon ng Komiteng Tagapayo sa Espesyal na Edukasyon (Special Education Advisory Committee, SEAC). Makikita ang karagdagang impormasyon tungkol sa SEAC sa [website](#) ng Ministri ng Edukasyon. Ang Komiteng Tagapayo sa Espesyal na Edukasyon ay binubuo ng mga kinatawan mula sa mga lokal na organisasyon sa komunidad, mula sa lupon ng paaralan, at mula sa komunidad. Ang Superintendente ng Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon at Pagkakatuto ay bahagi ng SEAC.

Gumagawa ang SEAC ng mga rekomendasyon sa lupon tungkol sa mga programa at serbisyo sa espesyal na edukasyon para sa mga natatanging estudyante sa lupon.

Ang mga sumusunod na lokal na ahensiya sa komunidad at mga miyembro ng komunidad ay may kinatawan sa SEAC ng Lupon ng Paaralan ng Katolikong Distrito ng Dufferin-Peel:

- Samahan para sa Matatalinong Bata (ABC), Peel Chapter (www.abcpeel.org)
- Autismo sa Ontario, Peel Chapter (www.autismontario.com)
- Pamumuhay sa Komunidad sa Brampton Caledon (www.bramptoncaledoncl.ca)
- Pamumuhay sa Komunidad sa Mississauga (www.clmiss.ca)
- Sentrong Komite para sa mga Konseho ng Katolikong Paaralan (www.dpcdsb.org/CCCSC)
- Samahan para sa Down Syndrome sa Peel (www.dsap.ca)
- Easter Seals Ontario (www.easterseals.org)
- Epilepsy sa South Central Ontario (www.epilepsysco.org)
- Samahan para sa mga Kapansanan sa Pagkakatuto sa Rehiyon ng Peel (www.ldapr.ca)
- Samahan sa Ontario para sa mga Pamilya ng mga Batang may mga Diperensiya sa Komunikasyon (www.oafccd.com)
- Tinig para sa mga Batang Bingi at Nahihirapang Makarinig (www.voicefordeafkids.com)

Mayroon bang iba pang mga opsyon sa edukasyon sa labas ng Lupon?

Nagpapatakbo ang Ministri ng Edukasyon ng mga Paaralan sa Probinsiya at mga Demonstrasyong Paaralan sa buong Ontario para sa mga bingi, bulag, bingi-bulag at mga estudyanteng may malalang kapansanan sa pagkakatuto.

Ang mga kandidatong estudyante ay inilalagay sa mga Paaralan sa Probinsiya sa pamamagitan ng proseso ng aplikasyon at pag-screen. Tutulungan ka ng mga Konsultant ng Lupon sa Espesyal na Edukasyon sa pagtitipon ng mga materyales na pansuporta sa aplikasyon at kinakailangang dokumentasyon ng pag-screen. Kapag ang isang estudyante ay tinanggap para

sa paglalagay sa isang Paaralan sa Probinsiya, magtatawag ang Lupon ng tahananang paaralan ng estudyante ng isang IPRC na siyang maglalagay sa estudyante.

Iniaalok ang mga panresidensyang programa sa mga paaralan Lunes hanggang Biyernes.

Kung gusto ninyo ng higit pang impormasyon tungkol sa mga Paaralan sa Probinsiya at Demonstrasyong Paaralan, bisitahin ang website ng mga Paaralan sa Probinsiya sa: <https://pdsbnet.ca/> o ang [website](#) ng Ministri ng Edukasyon.

Mga Paaralan sa Probinsiya para sa Bingi:

Ernest C. Drury School

255 Ontario Street South
Milton, ON L9T 2M5
Tel: 905-878-2851 TTY: 905-878-7195
<https://pdsbnet.ca/en/schools/ernest-c-drury/>

Robarts School

1515 Cheapside Street
London, ON N5V 3N9
TTY & Tel: 519-453-4400
<https://pdsbnet.ca/en/schools/robarts/>

Sir James Whitney School

350 Dundas Street West
Belleville, ON K8P 1B2
Tel: 613-967-2823 o 1-800-501-6420 TTY: 613-967-2823
<https://pdsbnet.ca/en/schools/sir-james-whitney/>

Paaralan sa Probinsiya para sa Bulag at Bingi-Bulag:

W. Ross MacDonald School

350 Brant Avenue
Brantford, ON N3T 3J9
Tel: 519-759-0730 o 1-866-618-9092
<https://pdsbnet.ca/en/schools/w-ross-macdonald/>

Paaralan sa Probinsiya sa Wikang Pranses para sa Bingi at Demonstration School para sa mga estudyante na may mga malalang kapansanan sa pagkakatuto:

Centre Jules-Léger (Programa sa Wikang Franses para sa mga Estudyanteng Nagsasalita ng Pranses)

281 Lanark Avenue
Ottawa, ON K1Z 6R8
Tel: 613-761-9300 TTY: 613-761-9302
<https://ccjl.ca/>

Mga Demonstrasyong Paaralan sa Wikang Ingles para sa mga estudyante na may mga malalang kapansanan sa pagkakatuto:

Amethyst School

1515 Cheapside Street
London, ON N5Y 3N9
Tel: 519-453-4400
<https://pdsbnet.ca/en/schools/amethyst/>

Sagonaska School

350 Dundas Street West
Belleville, ON K8P 1B2
Tel: 613-967-2830
<https://pdsbnet.ca/en/schools/sagonaska/>

Trillium School

347 Ontario Street South
Milton, ON L9T 3X9
Tel: 905-878-8428
<https://pdsbnet.ca/en/schools/trillium/>

Mga Magagamit na Paglalagay sa Elementarya

Panel sa Elementarya	Regular na Silid-Aralan na may			Mga Silid-Aralan ng Espesyal na Edukasyon	
	Hindi Direktang Suporta	Suporta ng Dulugan	Tulong sa Pag-withdraw	Bahagyang Pagsasama	Ganap
Kapansanan sa Pagkakatuto	✓	✓	✓	✓	
Bingi/Nahihirapang Makarinig	✓	✓	✓		
Kahinaan sa Wika/Pagsasalita	✓	✓	✓	✓	
Autismo	✓	✓	✓	✓	✓
Pagiging Likas na Matalino	✓	✓	✓		✓
Hindi Malalang Kapansanang Intelektuwal	✓	✓	✓	✓	
Kapansanan sa Paglaki	✓	✓	✓	✓	✓
Pag-uugali	✓	✓	✓		
Pisikal na Kapansanan	✓	✓	✓		
Bulag at Mahina ang Paningin	✓	✓	✓		
Maramihan	✓	✓	✓	✓	✓

Mga Magagamit na Paglalagay sa Sekundarya

Panel sa Sekundarya	Regular na Silid-Aralan na may			Mga Silid-Aralan ng Espesyal na Edukasyon	
	Hindi Direktang Suporta	Suporta ng Dulugan	Tulong sa Pag-withdraw	Bahagyang Pagsasama	Ganap
Kapansanan sa Pagkakatuto	✓	✓			
Bingi/Nahihirapang Makarinig	✓	✓			
Kahinaan sa Wika/Pagsasalita	✓	✓			
Autismo	✓	✓		✓	
Pagiging Likas na Matalino	✓	✓			
Hindi Malalang Kapansanang Intelektuwal	✓	✓			
Kapansanan sa Paglaki	✓	✓		✓	✓
Pag-uugali	✓	✓			
Pisikal na Kapansanan	✓	✓			
Bulag at Mahina ang Paningin	✓	✓			
Maramihan	✓	✓		✓	✓

LUPON NG PAARALAN NG KATOLIKONG DISTRITO NG
DUFFERIN-PEEL

40 Matheson Boulevard West

TEL: 905-890-1221 TOLL-FREE: 1-800-387-9501

www.dpcdsb.org

